5

# Sagutang Papel sa GMRC 5

Kuwarter 2

Aralin 6

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

...G PAMAHALAAN
...AGBIBILI

**Sagutang Papel sa GMRC 5**
**Kuwarter 2: Aralin 6 (Ikapito na Linggo)**
**TP 2023-2024**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2023-2024. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
Ezra Klarish A. Vito (Pambansang Mataas na Paaralang Komprehensibo ng Lopez)

**Tagasuri:**
Elanor O. Bayten (Pamantasang Normal ng Pilipinas - Manila)

**Mga Tagapamahala**
Pamantasang Normal ng Pilipinas
Sentro ng Pananaliksik para sa Kalidad Pangguro
SiMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | GMRC 5 | **Kuwarter** | 2 |
| **Bilang ng Aralin** | 6 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa tahanan. | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | 5 |

**I. Bilang ng Gawain 1:** Maikling Balik-Aral at Panghihikayat na Gawain – Unang Araw (30 minuto)

**II. Layunin:**

- Nababalikan ang mga kaalaman at kakayahang napag-aralan sa nakaraang aralin
- Napupukaw ang atensyon para sa pagsisimula ng aralin

**III. Mga Kailangang Materyales:**

1. Bond paper
2. Panulat

**IV. Panuto:** Magbigay ng salita o mga salita na maiuugnay mo sa mga salita sa bawat bilang. Isulat ang iyong sagot sa mga patlang.

1. TAHANAN - ______________________
2. PAMILYA - ______________________
3. KAGAMITAN - ___________________
4. MALINIS - ______________________
5. MAAYOS - ______________________

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

**Panuto:** Tingnan at suriing mabuti ang larawan sa ibaba na nagpapakita ng dalawang magkaibang kalagayan sa loob ng tahanan. Ipahayag ang iyong saloobin o opinyon tungkol dito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na tanong. Maghanda sa pagbabahagi ng iyong mga kasagutan sa klase.

| A | B |
|---|---|

| | |
|---|---|
|  |  |
| <br>https://www.shutterstock.com/image-vector/illustration-disorganized-room-littered-pieces-trash-241406455 |  |

**Mga Katanungan:**

1. Ano ang iyong mararamdaman kung ang iyong tahanan ay katulad ng nasa unang larawan?
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________

2. Ano naman ang iyong mararamdaman kung ang iyong tahanan ay katulad ng nasa ikalawang larawan?
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________

3. Saan mo mas nanaising mamalagi o manirahan? Bakit?
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| **Asignatura** | GMRC 5 | **Kuwarter** | 2 |
|---|---|---|---|
| **Bilang ng Aralin** | 6 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa tahanan. | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | 5 |

**I. Bilang ng Gawain 2:** Kaugnay na Paksa 1 – Ikalawang Araw (45 minuto)

**II. Layunin:**

- Naipaliliwanag na ang pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa tahanan ay nakapagdudulot ng kalusugang pangkaisipan at pangkatawan,kaligtasan, at maayos na ugnayan ng mga kasapi ng pamilya

**III. Mga Kailangang Materyales:**

1. Papel
2. Panulat

**IV.**

**A. Panuto:** Alalahanin ang kasalukuyang kalagayan at itsura ng loob at labas ng inyong tahanan. Punan ang tsart sa ibaba. Sagutin ng **Opo** o **Hindi po** ang tanong sa ikalawang hanay kung malinis at maayos ang bahagi ng tahanan na tinutukoy. Sa ikatlong hanay, isulat kung ano-ano ang mga nakikita mo sa bahagi ng tahanan na naging batayan ng iyong sagot. Pagkatapos punan ang tsart ay sagutin ang mga sumusunod na tanong sa ibaba. Maghanda sa pagbabahagi ng iyong kasagutan sa klase.


| **Bahagi ng Tahanan** | **Malinis at maayos ba ito?**<br>**Opo o Hindi po?** | **Ano-ano ang mga nakikita mo dito na naging batayan ng iyong sagot?** |
|---|---|---|
| 1. Sala | | |
| 2. Silid-tulugan | | |
| 3. Kusina | | |
| 4. Palikuran | | |
| 5. Bakuran o labas ng tahanan | | |
| 6. Iba pa: ___________ | | |

**Mga Katanungan:**

1. Masasabi mo bang malinis at maayos ang kabuuhan ng iyong tahanan? Bakit?
   ______________________________________________
   ______________________________________________

2. Paano pinanatili ng iyong pamilya ang kalinisan at kaayusan sa inyong tahanan?
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
3. Mahalaga ba ang pagkakaroon ng malinis at maayos na tahanan? Bakit?
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

**B. Panuto:** Sa iyong palagay, ano-ano ang maaaring mangyari at maramdaman ng isang pamilyang naninirahan sa isang malinis at maayos na tahanan? Isulat ang iyong sagot sa nakalaang kahon sa kanang bahagi ng larawan. Maaari ring tanungin ang iyong kapamilya kung ano ang kanilang mararamdaman o maiisip kung malinis at maayos ang inyong tahanan.



**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

**Panuto:** Ayon sa iyong naging sagot sa gawain sa *Pagproseso ng Pag-unawa Paksa 1*, anong bahagi ng inyong tahanan ang sa iyong palagay dapat bigyan ng agarang pansin? Alin ang mga lugar na nais mong gawing prayoridad sa paglilinis at pagsasaayos? Maaaring hingin mo ang opinyon ng iyong pamilya tungkol dito. Isulat sa talahanayan sa ibaba ang iyong sagot.

| Bahagi ng tahanan na prayoridad linisin at ayusin | Mga nais linisin at ayusin dito |
|---|---|
| | |

| | |
|---|---|
| | |

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | GMRC 5 | **Kuwarter** | 2 |
| **Bilang ng Aralin** | 6 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa tahanan. | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | 5 |

**I. Bilang ng Gawain 3:** Kaugnay na Paksa 2 – Ikatlong Araw (45 minuto)

**II. Layunin:**

- Naiisa-isa ang mga paraan ng pagpapanatili nang kalinisan at kaayusan ng tahanan

**III. Mga Kailangang Materyales:**

1. Papel
2. Panulat

**IV. Panuto:** Ang mga sumusunod na larawan ay nagpapakita ng ilan sa mga gawain upang mapanatiling malinis at maayos ang isang tahanan. Isulat sa katabing patlang kung anong gawain ang ipinapakita dito. Pagkatapos ay sagutin ang mga katanungan sa ibaba. Maghanda sa pagbabahagi ng iyong kasagutan sa klase.

1.  - ______________________________

2.  - ______________________________

3.  - ______________________________

4.  - ______________________________

**Mga Katanungan:**

1. Gaano mo kadalas ginagawa ang mga nasa larawan?
   ______________________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________________
2. Ginagawa mo ba ito nang tama at maayos? Bakit?
   ______________________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________________

**B. Panuto:** Mayroon na ba kayong takdang gawain sa tahanan upang mapanatiling malinis at maayos ito? Ano-ano ang mga gawain na nakaatang sa iyo at sa iba pang kasapi ng iyong pamilya? Isulat ito sa talahanayan sa ibaba at pagkatapos ay tayain kung gaano kadalas itong nagagawa at natatapos sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek (✔). Pagkatapos ay sagutin ang mga katanungan sa ibaba. Maghanda sa pagbabahagi ng iyong kasagutan sa klase.

| **Kasapi ng Pamilya** | **Tungkulin** | **Gaano kadalas itong nagagawa?** | | |
|---|---|---|---|---|
| | | **Palaging nagagawa** | **Minsan lamang** | **Hindi nagagawa** |
| Halimbawa: Ako | Pagwawalis ng sahig sa loob ng bahay tuwing hapon. | | ✔ | |
| | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | | | | |

**Mga Katanungan:**

1. Ano ang iyong natuklasan sa pagsasagawa ng gawain?
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
2. Paano mo mapananatili o lalong mahihikayat ang iyong pamilya na magkaisa sa paglilinis at pag-aayos ng tahanan?
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

**Panuto:** Gumawa ng plano ng paglilinis at pag-aayos ng tahanan na kayang gawin sa loob ng isang araw. Maaari mo itong gawin kasama ang iyong kapamilya. Tanungin ang bawat kasapi kung paano sila makakatulong upang mas maging madali ang gawain. Gamitin ang talaan sa ibaba. Maghanda sa pagbabahagi ng iyong kasagutan sa buong klase.

| **Araw: ____________________________** | | |
|---|---|---|
| **Miyembro ng pamilya** | **Gawain at klase o uri ng kagamitan na lilinisin o aayusin** | **Lugar sa tahanan** |
| **Hal.:** Panganay na kapatid | Paglilinis at pag-aayos ng higaan | Kuwarto o silid-tulugan |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | GMRC 5 | **Kuwarter** | 2 |
| **Bilang ng Aralin** | 6 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa tahanan. | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | 5 |

**I. Bilang ng Gawain 4:** Pagninilay sa Pagkatuto at Gawaing Pantahanan – Ikaapat na Araw (45 minuto)

**II. Layunin:**

- Napagninilayan ang mga natutunang kaalaman at kakayahan sa aralin.
- Naisasakilos ang mga paraan ngpagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa tahanan

**III. Mga Kailangang Materyales:**

1. Papel
2. Panulat

**IV. Panuto:** Bumuo ng mahalagang kaisipan na natutunan mo sa aralin gamit ang mga salita sa ibaba. Ipahayag ang natutunan sa pamamagitan ng pagbuo ng isa hanggang dalawang pangungusap at isulat sa nakalaang patlang sa ibaba. Maghanda sa pagbabahagi ng iyong kasagutan sa buong klase.

**tahanan** **pamilya** **kagamitan**

**malinis** **maayos**

Pangungusap na nabuo:

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

**Panuto:** Isagawa ang planong paglilinis at pag-aayos ng inyong tahanan. Pagkatapos ng itinakdang araw, tayahin kung nagawa ito o hindi. Gamitin ang talaan sa ibaba. Pagkatapos ay isulat sa ibaba ang aral at magandang karanasan sa gawain. Maghanda sa pagbabahagi ng iyong kasagutan sa buong klase.

| Araw: ______________________________ | | | |
|---|---|---|---|
| **Miyembro ng pamilya** | **Gawain at klase o uri ng kagamitan na lilinisin o aayusin** | **Lugar sa tahanan** | **Nagawa ba ito?** |
| **Hal.:** Panganay na kapatid | Paglilinis at pag-aayos ng higaan | Kuwarto o silid-tulugan | Opo |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

**Aral at magandang karanasan sa gawain:**

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________